

KARANASAN NG MGA GURO SA PAGPAPATUPAD NG ONLINE DISTANCE LEARNING (ODL) KURIKULUM SA PAGTUTURO NG FILIPINO: BATAYAN SA MUNGKAHING KURIKULUM

ANN VALERIE P. DELA PEÑA , PAOLO JOSEF L. BLANDO

National Teachers College / Paaralang Xavier San Juan

DOI:10.63305/742027

Article Info

Article history:

Received July 16, 2026

Revised July 21, 2026

Accepted July 27, 2026

Abstract

This research aims to assess the experiences and challenges faced by fifteen (15) secondary teachers implementing an Online Distance Learning (ODL) Curriculum in Filipino at Xavier School San Juan, serving as a basis for a proposed curriculum framework. The study utilized an Explanatory Sequential Mixed Methods Design, combining quantitative survey data with qualitative insights from interviews, Focus Group Discussions (FGD), and documentary analysis of Curriculum Audit Reports (Grades 7 to 10). Quantitative data were analyzed using descriptive statistics (mean, percentage, standard deviation), while qualitative data were processed through Reflexive Thematic Analysis (RTA). Findings revealed that while overall implementation was high in both the Program Aspect ($M = 3.63$, $SD = 0.51$) and Implementation Aspect ($M = 3.40$, $SD = 0.57$)—particularly in Learning Management System (LMS) utilization ($M = 3.70$) and digital tool integration—significant structural challenges emerged. These included class time constraints (50-minute session limit, $M = 2.87$, $SD = 0.64$), compromising lesson depth in literary masterworks ($M = 3.27$, $SD = 0.59$), unequal internet accessibility ($M = 3.20$, $SD = 0.68$), authentic assessment threats posed by AI, and the loss of personal touch in differentiated instruction. The curriculum audit underscored gaps among intended, implemented, and attained curricula in major literary works such as Ibong Adarna and Noli Me Tangere. Consequently, the study proposes an ODL Curriculum Enhancement Framework anchored on three pillars: coherence in design and pacing, consistency in instruction and assessment, and equity in accessibility and inclusive learning.

Keywords: *Online Distance Learning (ODL), Filipino Curriculum, Explanatory Sequential Mixed Method, TPACK, Institutional Planning, Curriculum*

INTRODUCTION

Ang sektor ng edukasyon sa buong mundo ay humarap sa isang radikal na transpormasyon dulot ng mga krisis pangkalusugan, pagbabago sa klima, at mabilis na pag-unlad ng teknolohiya. Sa Pilipinas, ang mabilis na transisyon mula sa tradisyunal na pisikal na silid-aralan patungong Online Distance Learning (ODL) ay nagbunsod ng malawakang reporma sa estruktura ng pagtuturo at pagkatuto. Alinsunod sa mga pamantayang itinakda ng Department of Education (DepEd) sa pamamagitan ng Basic Education Learning Continuity Plan (BE-LCP) at ng Commission on Higher Education (CHED Memorandum Order No. 9, s. 2022), naging pangunahing modalidad ang online, modular, at blended learning upang matiyak ang pagpapatuloy ng edukasyon sa kabila ng mga disruption. Sa konteksto ng mga pribadong institusyon, ang paggamit ng mga Learning Management System (LMS) tulad ng Schoology, kasama ang mga communication applications gaya ng Zoom, Google Meet, at Microsoft Teams, ay naging

batayang imprastruktura sa araw-araw na proseso ng instruksyon.

Sa pagpasok ng digital era, binigyang-diin ng mga pandaigdigang ulat tulad ng UNESCO (2021, 2023) at World Bank (2022) na ang teknolohiya ay hindi lamang isang alternatibong midyum kundi isang estratehikong kasangkapan sa paghubog ng 21st-century skills. Sa asignaturang Filipino, ang ODL ay nagbukas ng mga oportunidad para sa integrasyon ng mga interaktibong digital platforms—gaya ng Padlet, Kahoot, Quizizz, Canva, at multimedia projects tulad ng Podcast (Suri-Pod), Infomercial, at BookTok. Ang mga makabagong gawaing ito ay nagbigay-daan upang maging mas malikhain at kolaboratibo ang pag-aaral ng wika at panitikan. Sa Paaralang Xavier San Juan, partikular na inilunsad ang Xavier School E-Learning (XSEL) noong Taong Panuruan 2020-2021 at kalaunan ay binigyang-bihis bilang CHIPS (Check-In Per Session), kung saan ang mga mag-aaral ay dumadalo sa maiikling synchronous input (15 hanggang 20 minuto) at nagpapatuloy sa asynchronous tasks,

kasama ang nakatakandang Purely Asynchronous Learning (PALs) sessions. Ipinakikita ng trend na ito ang matatag na pagnanais ng mga institusyon na mapanatili ang mataas na kalidad ng edukasyon sa pamamagitan ng teknolohikal na inobasyon.

Bagama't nagkaroon ng mabilis na pag-angkop ang mga paaralan at guro sa mga digital na plataporma, ibinunyag ng aktwal na implementasyon ang malalalim na estruktural at pedagogikal na suliranin. Ayon kina Hodges et al. (2020), may malaking pagkakaiba ang emergency remote teaching sa tunay at maayos na idinesenyong online distance learning. Sa aktwal na padron ng ODL, ang pangunahing hamon sa asignaturang Filipino ay hindi lamang nakatuon sa teknolohikal na kasanayan ng guro, kundi sa mismong pagsasakatuparan ng nilalaman at lalim ng kurikulum sa loob ng napakaliit na nakalaang oras sa klase.

Unang-una, ang limitasyon sa screentime ay nagbunsod ng pagpapatupad ng 50-minutong synchronous session bawat klase. Ang napakaikling oras na ito ay

napatunayang hindi sapat upang talakayin nang malalim ang mga komplikadong aralin sa wika at ang mga klasikong Obra Maestra—tulad ng Ibong Adarna (Baitang 7), Florante at Laura (Baitang 8), Noli Me Tangere at El Filibusterismo (Baitang 9 at 10). Bunsod nito, napilitan ang mga guro na paikliin ang talakayan, magbawas ng mga aralin, o laktawan ang ilang mahahalagang kabanata, na nagdulot ng tinatawag na surface-level learning sa halip na malalim na pagsusuring pampanitikan.

Pangalawa, lumitaw ang malubhang isyu sa curriculum pacing at institutional calendar disruptions. Ang mga hindi inaasahang suspensyon ng klase dulot ng matinding init, bagyo, at mga gawaing institusyunal (gaya ng intrams, assemblies, at retreats) ay patuloy na nakagambala sa tuloy-tuloy na pagtuturo. Dahil dito, nagkaroon ng malaking agwat sa pagitan ng intended curriculum (ang nakadisenyong kurikulum) at ng attained curriculum (ang aktwal na natutuhan ng mga mag-aaral).

Pangatlo, kinaharap ng mga guro ang mga panibagong banta sa authentic

assessment at academic integrity bunsod ng mabilis na pagsulpot ng Artificial Intelligence (AI) tulad ng ChatGPT, Google Translate, at iba pang automated text generators. Mahirap matukoy kung ang mga isinusumiteng sanaysay at malikhaing sulatin ng mga mag-aaral ay orihinal nilang gawa o produkto ng AI. Bukod dito, ang kawalan ng "personal touch" o direktang pisikal na obserbasyon sa online setting ay naglimita sa kakayahan ng mga guro na magpatupad ng epektibong Differentiated Instruction (DI) at makapagbigay ng angkop na scaffolding sa mga mag-aaral na nangangailangan ng karagdagang gabay.

Upang matugunan ang mga nabanggit na suliranin, ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay matukoy, masuri, at matasa ang mga aktwal na karanasan at hamong kinaharap ng mga guro sa pagpapatupad ng Online Distance Learning (ODL) Kurikulum sa pagtuturo ng Filipino sa Paaralang Xavier San Juan. Nilalayon nitong suriin ang antas ng implementasyon sa dalawang pangunahing dimensyon: ang

Aspektong Programa (saklaw ang aralin, disenyo ng kurikulum, at paggamit ng LMS) at ang Aspektong Implementasyon (saklaw ang kaangkupan ng gawaing pampagkatuto, kakayahan ng guro, differentiated instruction, kalidad ng pagtuturo, uri ng pagtatasa, at aksesibilidad). Kasabay nito, nilalayon din ng pag-aaral na isagawa ang isang documentary evaluation sa pamamagitan ng Curriculum Audit Reports sa Baitang 7 hanggang 10 upang matukoy ang mga kompetensiyang matagumpay na naipatupad, hindi naisakatuparan, at nangangailangan ng pagpapatibay. Ang lahat ng nakalap na datos ay magsisilbing empirikal na batayan sa pagbuo ng isang kontekstuwalisado, de-kalidad, at sustenableng Mungkahing Kurikulum sa Filipino.

Ang pananaliksik na ito ay nagbibigay ng makabuluhang ambag sa larangan ng edukasyong wika at kurikulum sa Pilipinas. Una, pinupunan nito ang umiiral na puwang sa literatura sa pamamagitan ng pagbibigay ng kontekstual at institusyonal na pagsusuri sa asignaturang Filipino sa ilalim ng

ODL—isang paksang bihira pang matalakay nang may lalim na mixed-methods design. Pinalalawak nito ang aplikasyon ng mga batayang teorya tulad ng Technological Pedagogical and Content Knowledge (TPACK) ni Mishra at Koehler, Transactional Distance Theory ni Moore, Connectivism ni Bates, at Universal Design for Learning (UDL) sa konteksto ng katutubong wika at panitikan. Pangalawa, sa antas ng praktis, ang pag-aaral na ito ay naghahain ng konkreong ODL Curriculum Enhancement Framework at mga rekomendasyon sa curriculum pacing, flexible scheduling, at dual-mode assessment na magagamit ng mga tagadiseno ng kurikulum, puno ng kagawaran, at mga guro hindi lamang sa Paaralang Xavier kundi sa iba pang pribado at pampublikong paaralan sa bansa.

OBJECTIVE OF THE STUDY

Ang ninanais ng bawat guro at mag-aaral ay ang epektibong kaganapan ng pagtuturo at pagkatuto anoman ang maging moda nito, ito man ay tradisyunal na pagtuturo o ang kasalukuyang alternatibong ginagamit na moda ang online distance learning.

Ngunit kaakibat ng mga pagbabagong ito sa moda ng pagtuturo ay ang pagsasaayos din ng kurikulum na tutugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral at ang mga kaalamang dapat nilang matamo. Katulad ng anomang pagsisimula, kinakitaan ng mananaliksik ng ilang suliranin sa pagbabagong kurikulum na ito at ilan ding mga salik na dapat panatilihin. Mula sa konseptong ito nilalayon ng pag-aaral na ito na tukuyin at tayain ang karanasan ng mga guro sa pagpapatupad ng online distance learning kurikulum sa pagtuturo ng Filipino sa paaralang Xavier upang magamit bilang batayan sa pagbuo ng isang mungkahing kurikulum na naaayon at tutugon sa suliraning kinahaharap ng mga guro at mag-aaral.

METHODOLOGY

Ginamit sa pananaliksik na ito ang Explanatory Sequential Mixed Methods Design (Creswell & Plano Clark, 2018). Sa disenyong ito, ang pangangalap at pagsusuri ng datos ay nahati sa dalawang magkasunod na yugto: ang kwantitatibong yugto bilang pangunahing pundasyon, na sinundan

ng kwalitatibong yugto upang magbigay ng mas malalim na paliwanag, konteksto, at linaw sa mga numerong natuklasan sa unang yugto. Dagdag pa rito, isinama ang documentary analysis ng opisyal na Curriculum Audit Reports ng paaralan bilang karagdagang kwalitatibong datos upang matiyak ang oryentasyon at balidasyon ng mga resulta batay sa aktuwal na performance ng mga mag-aaral.

Ang populasyon ng pag-aaral ay binubuo ng lahat ng mga gurong nagtuturo sa Kagawaran ng Filipino sa Junior High School at Senior High School (Baitang 7 hanggang Baitang 12) sa Paaralang Xavier San Juan. Isinagawa ang Purposive Sampling sa pagpili ng mga kalahok upang matiyak na ang mga guro ay may tuwirang karanasan sa pagpapatupad ng ODL Kurikulum sa asignaturang Filipino. Sa kabuuan, labinlimang (15) guro ang naging pangunahing tagatugon sa kwantitatibong sarvey.

Para naman sa kwalitatibong yugto (mga panayam at Focus Group Discussions), ginamit ang Criterion-based Purposive Sampling alinsunod sa Explanatory Sequential design. Ang 15

guro ay pinalangkat sa tatlong grupo (Grupo A: Mababang Marka, Grupo B: Katamtamang Marka, at Grupo C: Mataas na Marka) batay sa kanilang naging tugon sa sarvey items na nagtala ng pinakamababang mean at pinakamataas na standard deviation. Ang estratehiyang ito ay nagbigay-daan upang masuri ang magkakaiba at tumpak na dahilan sa likod ng mga extreme at variable scores.

RESULTS AND DISCUSSION

Inilalahad sa kabanatang ito ang mga natuklasang datos batay sa mga tiyak na suliranin ng pag-aaral. Inayos ang presentasyon ayon sa pagkakasunod-sunod ng Statement of the Problem (SOP 1 hanggang SOP 5), kung saan ang mga numerikal na datos ay sinamahan ng maayos na talahanayan, kwalitatibong tema, at kritikal na diskurso.

Propayl ng mga Tagatugon

Ipinakikita sa Talahanayan 1 ang buod ng demograpikong propayl ng labinlimang (15) gurong naging tagatugon sa pag-aaral. Karamihan sa mga guro ay nasa edad 26–36 gulang (60.00%), na sinusundan ng edad 25

pababa (20.00%), 36–46 gulang (13.33%), at 46–56 gulang (6.67%). Ipinahihiwatig nito na ang mga guro ay nasa yugto ng aktibong pagtuturo at propesyonal na pag-unlad

Kategorya / Varayabol	Mga Sub-kategorya	Frekuensi (f)	Percentage (%)
Edad ng Guro	25 pababa	3	20.00%
	26–36 gulang	9	60.00%
	36–46 gulang	2	13.33%
	46–56 gulang	1	6.67%
	Kabuuan	15	100.00%
Karanasan sa Pagtuturo	1–3 taon	4	28.57%
	4–10 taon	7	50.00%
	11–15 taon	2	14.29%
	16 pataas	1	7.14%
	Walang Sagot / Kabuuan	1 / 15	7.14% / 100%
Karanasan sa ODL	1 taon	1	6.67%
	3 taon	2	13.33%
	4 taon	1	6.67%
	5 taon	11	73.33%
	Kabuuan	15	100.00%
Baitang na Tinuturuan (Multiple responses)	Baitang 7	7	50.00%
	Baitang 8	4	28.57%
	Baitang 9	8	57.14%
	Baitang 10	7	50.00%
	Baitang 11 / 12	4 / 3	28.57% / 21.43%

Sa usapin ng karanasan sa pagtuturo sa paaralan, kalahati ng mga respondente (50.00%) ay may 4–10 taong karanasan, habang 28.57% ay may 1–3 taon. Sa pagpapatupad naman

ng ODL, umabot sa 73.33% ng mga guro ang may limang (5) taong karanasan, na nagpapatunay na sila ay may sapat na exposure at matibay na batayan sa pagbibigay ng makabuluhang pananaw ukol sa ODL kurikulum.

Mga Hamon sa Aspektong Programa ng ODL Kurikulum

Ang Aspektong Programa ay nakapagtamo ng mataas na kabuuang mean na ($M = 3.63$, $SD = 0.51$) na may berbal na interpretasyong Lubos na Sumasang-ayon. Ipinakikita nito na sa pangkalahatan ay maayos at epektibo ang nakadisenyong programa ng ODL sa asignaturang Filipino. Sa tatlong subdimensyon, ang Learning Management System ($M = 3.70$, $SD = 0.41$) at Disenyo ng Kurikulum ($M = 3.67$, $SD = 0.49$) ang nagtala ng pinakamataas na marka na itinuturing na mga pangunahing kalakasan.

Sa kabilang banda, ang subdimensyong Aralin ($M = 3.53$, $SD = 0.64$) ay nagtala ng pinakamababang marka at pinakamataas na dispersion ($SD = 0.64$), na nagpapakita ng magkakaibang karanasan at mga estruktural na hamon. Sa loob ng subdimensyong ito,

“Advancing Education and Human Development Through Multidisciplinary Research”

dalawang tiyak na indicator ang nagtala ng pinakamababang marka sa buong sarvey: ang sapat na oras na 50 minuto sa bawat sesyon ($M = 2.87$, $SD = 0.64$) at ang pagtamo ng layunin ng aralin ($M = 3.27$, $SD = 0.59$).

Subdimensyon / Mga Katagorya sa Programa	Weighted Mean (M)	Standard Deviation (SD)	Verbal Interpretation
Aralin (Overall Subdimension)	3.53	0.64	Lubos na Sumasang-ayon
Sapat ang oras na 50 minuto sa bawat sesyon	2.87	0.64	Sumasang-ayon (Hamon)
Nakamit ang tunguhin o layunin ng aralin	3.27	0.59	Lubos na Sumasang-ayon
Pagbabawas ng aralin upang makaagapay sa ODL	3.53	0.64	Lubos na Sumasang-ayon
Maayos na implementasyon sa bawat klase	3.60	0.51	Lubos na Sumasang-ayon
Disenyo at Elemento ng Kurikulum	3.67	0.49	Lubos na Sumasang-ayon (Lakas)
Magkaugnay ang curriculum guide at mga gawain	3.47	0.52	Lubos na Sumasang-ayon
Pagtuturo ng iba't ibang aplikasyon / oryentasyon	3.80	0.41	Lubos na Sumasang-ayon
Learning Management System (LMS)	3.70	0.41	Lubos na Sumasang-ayon (Lakas)
Oryentasyon sa bagong LMS / Pagpapadali ng komunikasyon	3.93	0.26	Lubos na Sumasang-ayon
KABUANG ASPEKTONG PROGRAMA	3.63	0.51	Lubos na Sumasang-ayon

Mga Kwalitatibong Tema at Metainferences sa Aspektong Programa

Upang maipaliwanag ang mga numerikal na natuklasan sa Aspektong Programa, isinagawa ang ikalawang yugto ng Explanatory Sequential Mixed Methods sa pamamagitan ng Reflexive Thematic Analysis (RTA). Apat na pangunahing tema ang lumitaw:

Tema 1: Structural na Kakulangan ng Oras sa Obra Maestra ($M = 2.87$, $SD = 0.64$ | Convergent + Expansion)

Pinatunayan ng parehong sarvey at interbyu na ang 50-minutong sesyon ay estruktural na kulang para sa masusing pagtalakay ng mga Obra Maestra. Ipinakita ng kwalitatibong datos na nagkaroon ng pagbaba ng baitang ng mga akda (halimbawa, ang Ibong Adarna na dating G8 ay inilipat sa G7) at ang katotohanang ang Filipino ay hindi unang wika ng karamihan sa mga mag-aaral sa Xavier School. Ayon kay JHS 2: "Pakiramdam ko ay hindi ko naibibigay ang aking pinakamahusay sapagkat kaunti lamang ang oras na inilalaan."

Tema 2: Adaptive Strategy ng Guro — Kompromiso sa Lalim ng Aralin (M = 3.27, SD = 0.59 | Expansion + Divergent)

Ipinaliliwanag ng mataas na SD (0.59) ang magkakaibang diskarte ng mga guro. Upang 'makamit' ang layunin ng aralin, napipilitan ang mga gurong tanggalin o paikliin ang ilang bahagi ng talakayan. Ayon kay JHS 2: "Nakakamit naman ng mga mag-aaral ang layunin, kaya lamang may mga bahagi ng aralin na kailangan kong tanggalin upang matapos ang talakayan." Sa kabilang banda, ipinaliliwanag nito ang agwat sa pagitan ng surface achievement at tunay na lalim ng pagkatuto.

Tema 3: Mga Gawaing Institusyunal bilang Pangunahing Hadlang sa Curriculum Alignment (M = 3.47, SD = 0.52 | Expansion)

Inihayag ng mga interbyu na ang pangunahing dahilan ng hindi ganap na curriculum alignment ay hindi ang mismong disenyo ng kurikulum kundi ang mga gawaing institusyunal tulad ng intrams, assemblies, retreats, at suspensyon ng klase. Ayon kay JHS 6: "Hindi mismo sa curriculum kung hindi

sa maagang pagpaplano ng mga gawaing institusyunal na siyang labis na nakakaapekto sa mga sesyon sa klase."

Tema 4: iPad Culture at Institutional Training bilang Pundasyon ng Pinakamataas na Score (M = 3.93, SD = 0.26 | Convergent + Expansion)

Ang napakataas na marka sa paggamit ng apps at LMS ay ipinaliliwanag ng deliberate na institutional investment ng paaralan sa iPad culture simula elementarya at sa regular na pre-ODL workshops. Ayon kay JHS 11: "Ang mga mag-aaral simula grade school ay gumagamit na ng iPad. Kung kaya't naging madali para sa mga mag-aaral na magamit ang iba't ibang aplikasyon."

4.3 Mga Hamon sa Aspektong Implementasyon ng ODL Kurikulum (SOP 3)

Ang Aspektong Implementasyon ay nakapagtamo ng kabuuang mean na (M = 3.40, SD = 0.57) na may interpretasyong Sumasang-ayon, na nagpapakita na sa pangkalahatan ay matagumpay na naipatupad ng mga guro ang ODL. Pinakamataas sa mga subdimensyon ang Kaangkupan ng mga

“Advancing Education and Human Development Through Multidisciplinary Research”

Gawaing Pampagkatuto ($M = 3.53$, $SD = 0.47$), Kakayahan ng mga Guro ($M = 3.53$, $SD = 0.52$), at Uri at Kalidad ng Pagtuturo ($M = 3.45$, $SD = 0.51$).

Sa kabilang banda, ang tatlong subdimensyong nagtala ng pinakamababang marka at itinuturing na pangunahing hamon sa implementasyon ay ang Aksesibilidad ng mga Mag-aaral ($M = 3.20$, $SD = 0.68$), Uri ng mga Pagtatasa ($M = 3.33$, $SD = 0.49$), at Differentiated Instruction / Pagkakataon sa Pagkatuto ($M = 3.37$, $SD = 0.56$). Ang napakataas na SD sa Aksesibilidad (0.68) ay nagpapahiwatig ng matinding pagkakaiba-iba sa sitwasyon ng mga mag-aaral sa teknolohiya at koneksyon sa internet.

(Differentiated Instruction)			(Hamon)
Uri ng mga Pagtatasa (Authentic & Alignment)	3.33	0.49	Sumasang-ayon (Hamon)
Aksesibilidad ng mga Mag-aaral (Connectivity/Devices)	3.20	0.68	Sumasang-ayon (Pangunahing Hamon)
KABUUANG ASPEKTONG IMPLEMENTASYON	3.40	0.57	Sumasang-ayon

Mga Kwalitatibong Tema at Metainferences sa Aspektong Implementasyon:

Apat na tema ang lumitaw sa kwalitatibong pagsusuri sa Aspektong Implementasyon:

Tema 5: Internet Connectivity bilang Tunay na Hadlang sa Aksesibilidad ($M = 3.20$, $SD = 0.68$ | Convergent + Expansion)

Ipinaliliwanag ng napakataas na SD (0.68) na malinaw na pinaghihiwalay ng mga guro ang kalidad ng LMS platform mula sa mismong usapin ng internet connectivity at student motivation. Ayon kay JHS 5: "Mas nararamdaman ko na ang mga hindi nagsubmit ay dahil sa kanilang hindi pagnanais kaysa sa kawalan ng akses sa mga kagamitan."

Subdimensyon sa Implementasyon	Weighted Mean (M)	Standard Deviation (SD)	Verbal Interpretation
Kaangkupan ng mga Gawaing Pampagkatuto	3.53	0.47	Lubos na Sumasang-ayon (Lakas)
Paggamit ng interaktibong apps (Padlet, Kahoot)	3.93	0.26	Lubos na Sumasang-ayon
Naisasagawa sa bawat klase / Nakaangkla sa ODL	3.33	0.49	Sumasang-ayon (Hamon)
Kakayahan ng mga Guro	3.53	0.52	Lubos na Sumasang-ayon (Lakas)
Uri at Kalidad ng Pagtuturo	3.45	0.51	Lubos na Sumasang-ayon
Pagkakataon sa Pagkatuto	3.37	0.56	Sumasang-ayon

Tema 6: Ang AI at Academic Integrity bilang Bagong 'Invisible' na Hamon sa Assessment (M = 3.33, SD = 0.49 | Expansion)

Bagama't nagpakita ng magkakasundo na marka ang sarvey (SD = 0.49), ibinunyag ng interbyu ang panibagong banta ng Generative AI (ChatGPT, Google Translate) sa authentic assessment. Ayon kay JHS 8: "Mahirap matukoy kung gumamit ba ang mga mag-aaral ng iba't ibang aplikasyon katulad ng google translate, AI at iba pa."

Tema 7: Kawalan ng 'Personal Touch' sa Differentiated Instruction Online (M = 3.37, SD = 0.56 | Expansion)

Ang hamon sa differentiated instruction ay hindi nakatuon sa kawalan ng kasanayan ng guro kundi sa mismong limitasyon ng online format—ang kawalan ng kakayahang obserbahan nang live ang reaksiyon ng mga bata. Ayon kay JHS 10: "Wala ang 'personal touch' na manggagaling sa guro dahil online. Mas mahirap makita ng mga guro ang mga bahaging nahihirapan ang mga bata sa pamamagitan ng reaksiyon nila sa mga gawain."

Tema 8: Ang Paradox ng Teknolohiya — Lakas at Limitasyon nang Sabay (M = 3.53, SD = 0.47 | Convergent + Complementary)

Ang parehong teknolohiya na nagbibigay ng kalakasan sa interaktibong gawain ay siya ring nag-aalis ng personal touch na kritikal sa inklusibong pagkatuto. Ayon kay JHS 10: "Bagamat mukhang napapadali ng ODL ang iba't ibang estilo ng pagkatuto, nalilimitahan pa rin nito ang mga guro at mag-aaral."

Ebalwasyon Batay sa Curriculum Audit Reports

Isinagawa ang documentary analysis sa opisyal na Curriculum Audit Reports ng Baitang 7 hanggang Baitang 10 upang suriin ang aktuwal na naipatupad at hindi naisakatuparang kompetensi sa ilalim ng ODL. Ipinakita ng audit na sa kabuuan ay matagumpay na naisakatuparan ang mga pangunahing aralin sa wika at panitikan gamit ang mga makabagong proyekto (tulad ng Film Project sa G10, Suri-Pod at Infomercial sa G9, at BookTok). Gayunpaman, lumitaw ang mga paulit-

“Advancing Education and Human Development Through Multidisciplinary Research”

ulit na puwang sa implementasyon bunsod ng limitadong oras at pacing constraints.

Baitang	Matagumpay na Naipatupad	Hindi Naisakatuparan / Puwang	Mga Mungkahi at Rekomendasyon
Baitang 7	Maikling Kuwento, Panlapi, Pang-abay, Tula, Unang bahagi ng Ibong Adarna	Hindi natapos ang buong korido ng Ibong Adarna dahil sa kakulangan sa 50-minutong sesyon	Ituro nang buo sa susunod na taon gamit ang flexible pacing guide at kontemporarnyong teksto
Baitang 8	Elemento ng Tula, Ibong Adarna (1-10), Florante at Laura (1-7), Maikling Kuwento	Limitado sa tradisyonal na pen-and-paper tests; kakaunti ang interactive performance tasks	Magdisenyo ng authentic performance tasks tulad ng multimedia recitation at creative interpretation
Baitang 9	Anina ng mga Alon, Florante at Laura, Teoryang Marxismo at Feminismo, Suri-Pod, Infomersyal	Kakulangan sa sistematikong paghahanda ng rubrics at unit plans bago ang klase	Isagawa ang maagang unit planning at magbuo ng malinaw na digital rubrics
Baitang 10	Buhay ni Rizal, Noli Me Tangere, Janus Silang, Paggawa ng Maikling Pelikula	Kakulangan ng oras sa huling bahagi ng Noli Me Tangere; mababaw na paglalapat ng teorya	Maglaan ng buffer sessions para sa nobela at magbigay ng estrukturadong gabay sa scripting

Mungkahing Pagpapaunlad at ODL Curriculum Enhancement Framework

Batay sa pinagsamang natuklasan sa kwantitatibo, kwalitatibo, at curriculum audit, binuo ang isang ODL Curriculum Enhancement Framework sa Filipino na

nakasandig sa tatlong pangunahing haligi:

Coherence sa Disenyo at Pacing (Curriculum Alignment & Flexible Pacing)

Isagawa ang regular na curriculum mapping at lesson adjustment sessions. Magpatupad ng flexible pacing guide na may nakalaang buffer sessions sa bawat markahan upang mabigyan ng sapat na oras ang talakayan ng mga Obra Maestra nang hindi nagmamadali.

Consistency sa Pagtuturo at Pagtatasa (Pedagogical Competence & Authentic Assessment)

Palakasin ang mga capacity-building programs sa TPACK at Differentiated Instruction sa pamamagitan ng Professional Learning Communities (PLCs). Magpatupad ng Dual-Mode Assessment System (pinagsamang performance task at oral validation) upang matiyak ang academic integrity laban sa maling paggamit ng Generative AI.

Equity sa Aksesibilidad at Inklusibong Pagkatuto (Inclusive Access & Technology)

Tugunan ang digital divide sa pamamagitan ng pagbuo ng low-

bandwidth at offline-ready learning packages (gaya ng printed modules o downloadable audio summaries) para sa mga mag-aaral na may problema sa internet connectivity.

CONCLUSION

Hango sa sintesis ng mga natuklasan sa pananaliksik, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

1. Ang mga gurong nagtuturo ng Filipino sa ODL setup ay may sapat na propesyonal na karanasan at mataas na antas ng digital competence. Gayunpaman, ang mataas na kakayahang ito ay hindi awtomatikong lumulutas sa mga estruktural na limitasyon ng online distance learning.
2. Ang pangunahing suliranin sa ODL Kurikulum sa Filipino ay hindi nakatuon sa mismong nilalaman ng kurikulum o sa kawalan ng kasanayan ng guro, kundi sa structural mismatch sa pagitan ng 50-minutong oras ng klase at ng lalim ng mga paksang pampanitikan, pati na rin ang pagkaantala ng klase dulot ng mga gawaing institusyunal.

3. Umiiral ang isang malinaw na agwat sa pagitan ng Intended Curriculum, Implemented Curriculum, at Attained Curriculum sa asignaturang Filipino. Ang mga kompromisong ginagawa ng guro (gaya ng pagtatanggal ng bahagi ng aralin) ay nagreresulta sa surface-level learning sa halip na malalim na mastery.

4. Ang implementasyon ng ODL ay kinakaharap ng mga panibagong banta tulad ng paglitaw ng Generative AI sa authentic assessment, ang kawalan ng "personal touch" sa differentiated instruction, at ang hindi pantay na aksesibilidad sa internet connectivity.
5. Ang tagumpay ng ODL kurikulum ay hindi nakasalalay sa teknolohiya lamang kundi sa sistematikong ugnayan at balance ng Coherence (pacing at alignment), Consistency (kalidad ng instruksyon at pagtatasa), at Equity (inklusbong akses).

RECOMMENDATION

Batay sa mga nabuong konklusyon, inirerekomenda ang mga sumusunod na hakbangin:

- **Para sa Administrasyon at Tagadisenyo ng Kurikulum:**

Ipatupad ang isang Flexible Pacing Guide na naglalaan ng buffer sessions bawat markahan upang matugunan ang mga pagkaantala ng klase. Magsagawa ng quarterly curriculum mapping at alignment review upang matiyak ang pagkakaugnay ng layunin, nilalaman, at pagtatasa.

- **Para sa mga Puno ng Kagawaran (Department Chairs):** Palakasin ang Professional Learning Communities (PLCs) at magdaos ng mga buwanang pagsasanay sa TPACK, UDL, at estrukturadong unit planning na may kasamang malinaw na digital rubrics bago magsimula ang markahan.

- **Para sa mga Guro sa Filipino:** Magsagawa ng Dual-Mode Assessment System (kumbinasyon ng performance-based output at oral defense/validation) upang matiyak ang authentic assessment laban sa AI. Maglahad ng hindi bababa sa dalawang differentiated tasks bawat yunit at gumamit ng low-bandwidth instructional materials.

- **Para sa mga Susunod na**

Mananaliksik: Palawakin ang saklaw ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagsasama ng pananaw ng mga mag-aaral at magulang, at magsagawa ng longitudinal o komparatibong pananaliksik sa iba pang pampubliko at pribadong institusyon sa bansa.

REFERENCES

- Bates, T. (2021, January 12). Online learning and (k-12) schools: Do we need a different curriculum for online learning? Research in Learning Technology.
- Bautista Jr., A. P., Bleza, D. G., Buhain, C. B., & Balibrea, D. M. (2021). School support received and the challenges encountered in distance learning education by Filipino teachers during the COVID-19 pandemic. *International Journal of Learning, Teaching and Educational Research*, 20(6), 360–385.
<https://doi.org/10.26803/ijlter.20.6.19>
- Bautista Jr., A. P., Balibrea, D. M., & Bleza, D. G. (2022). Filipino teachers' attitudes towards distance learning during the COVID-19 pandemic. *International Journal of Learning, Teaching and Educational Research*, 21(2), 232–250.

- <https://doi.org/10.26803/ijlter.21.2.13>
- Braun, V., & Clarke, V. (2019). Reflecting on reflexive thematic analysis. *Qualitative Research in Sport, Exercise and Health*, 11(4), 589–597.
<https://doi.org/10.1080/2159676X.2019.1628806>
- Burgstahler, S. (2020). *Universal design in higher education: From principles to practice* (2nd ed.). Harvard Education Press.
- Commission on Higher Education (CHED). (2022). CHED Memorandum Order No. 9, s. 2022: Guidelines on flexible learning. CHED.
- Creswell, J. W., & Plano Clark, V. L. (2018). *Designing and conducting mixed methods research* (3rd ed.). SAGE Publications.
- Department of Education (DepEd). (2020). *Basic Education Learning Continuity Plan (BE-LCP)*. Department of Education.
- Francisco, C. S., Pedrera, J. R., & Madalina, M. A. (2024). Lived experiences of university students with limited internet connectivity in online distance learning. *Journal of Interdisciplinary Perspectives*, 2(10), 93–109.
- Gómez, M., & Rios, A. (2024). Digital inequality, the digital divide, and educational outcomes: A systematic review. *Education and Information Technologies*, 29, 4567–4588.
<https://doi.org/10.1007/s10639-024-12058-9>
- Hodges, C., Moore, S., Lockee, B., Trust, T., & Bond, A. (2020, March 27). The difference between emergency remote teaching and online learning. *EDUCAUSE Review*.
- Insorio, A. (2024). Addressing student diversity to improve academic achievement through differentiated instruction. *International Journal of Professional Development, Learners and Learning*, 6(1), 13–25.
- Langelaan, C. (2024). Differentiated instruction: A review of theoretical and empirical insights. *Teaching and Teacher Education*, 138, 104524.
<https://doi.org/10.1016/j.tate.2023.104524>
- Philippine Statistics Authority. (2022). *Survey on Information and Communication Technology 2021*. Philippine Statistics Authority.
- Rapanta, C., Botturi, L., Goodyear, P., Guàrdia, L., & Koole, M. (2021). Balancing technology, pedagogy and the new normal: Post-pandemic challenges in online teaching. *Computers and Education: Open*, 2, 100033.
<https://doi.org/10.1016/j.caeo.2021.100033>

- Subandiyah, S. (2025). Differentiated instruction in digital learning: Effects on student engagement and achievement. *Cogent Education*, 12(1), 2516378. <https://doi.org/10.1080/2331186X.2025.2516378>
- Tomlinson, C. A. (2021). *So each may soar: The principles and practices of learner-centered classrooms*. ASCD.
- Trust, T., & Whalen, J. (2020). Should teachers be trained in online instruction? Lessons learned from the COVID-19 pandemic. *Journal of Technology and Teacher Education*, 28(2), 189–199.
- UNESCO. (2023). *Global education monitoring report 2023: Technology in education—A tool on whose terms?* UNESCO Publishing.
- World Bank, UNESCO, UNICEF, USAID, FCDO, & Bill & Melinda Gates Foundation. (2022). *The state of global learning poverty: 2022 update*. World Bank.